# PROLOGUE

Parang may nakadagang bato sa dibdib ni Gerald habang naglalakad sa gitna ng kahuyan para lisanin ang Pulong Acacia. Pigil na pigil ang pagbagsak ng kanyang luha. Wala nang dahilan pa para manatili siya sa lugar na iyon. Wala na ang kanyang mga magulang.

Noong isang buwan ay hinuli ng mga pulis at ikinulong ang kanyang ama sa kasalanang hindi nito ginawa. Pinagbintangan itong may pataniman ng marijuana sa lupang sinasaka nito. Basta na lamang itong inaresto nang walang katibayan at ni walang warrant of arrest. Lumapit sila ng kanyang ina sa ilang tao para tulungan sila, pero wala silang nakuhang tulong kaninuman. Ang lahat ng mga tao ay takot sa pamilya Estevez.

Ang pamilya Estevez! Sila ang dahilan kung bakit nakulong ang kanyang ama. Kahit labinlimang taong gulang pa lang siya ay alam na niya ang mga nangyayari. Naririnig niya na pinag-uusapan ng kanyang mga magulang na binibili ng mga Estevez ang lupain nila.

Matagal nang nais ni Don Gaudencio Estevez na makuha ang sampung ektaryang lupain nila na pumapagitna sa malawak na lupain na pag-aari ng mga ito. Gusto ng mga Estevez na maangkin ang buong Pulong Acacia para gawing hacienda. Subalit matatag ang kanyang ama na huwag ibenta ang kanilang lupa kahit lahat ng taga-Pulong Acacia ay nagbenta na ng lupa ng mga ito.

Kahit nakakulong na ang kanyang ama at kahit nagmamakaawa na ang kanyang inang si Aling Daling para pumayag na ito na ibenta ang lupa nila at umalis sila sa lugar na iyon ay hindi pa rin pumayag si Mang Islaw. Pagkalipas ng dalawang linggo ay dumating na lang ang isang kahindik-hindik na balita na napatay raw sa isang amok sa loob ng kulungan ang kanyang ama. Ang mas masakit, hindi nakayanan ng kanyang ina ang balita. Inatake ito sa puso at kaagad ding binawian ng buhay.

Sabay na ibinurol sa bahay nila ang kanyang mga magulang. Madalang ang nakiramay. Malalayo kasi ang tirahan ng kanilang mga kamag-anak.

Ang mas masakit pa ay nang dumating sa mismong araw ng libing ng mga magulang niya si Don Gaudencio Estevez. Ipinakita nito sa kanya ang

isang deed of sale na may pirma ng kanyang ama. Nangyari iyon nang mismong araw na napatay ang tatay niya.

Salat si Gerald sa karanasan at karunungan subalit napagtagni-tagni niya ang mga pangyayari. Nakumpirma niyang tama ang kanyang hinala nang kinausap siya ni Mang Daniel, isang kaibigan ng kanyang ama sa munisipyo. Pinahirapan daw si Mang Islaw at tinakot na ipapapatay silang mag-ina kung hindi ito pipirma sa deed of sale.

Halos mabaliw siya nang malaman ang bagay na iyon. Gusto niyang mag-amok at pagpapataying lahat ang mga Estevez. Subalit pinayuhan siya ni Mang Daniel na magpakahinahon.

*"Hindi ka mananalo sa labanan kung puro galit ang nasa dibdib mo, Gerald. Hayaan mo munang maging matatag ka. Lisanin mo ang lugar na ito at magbalik ka kung handa ka na. May tamang panahon para sa lahat. Isang bala lang ang katapat mo sa gaya ni Don Gaudencio.*

*"May maganda pang buhay na naghihintay sa iyo, Gerald. Alam kong hindi rin gugustuhin ng mga magulang mo ang iniisip mong gawin dahil kamatayan*

*ang tiyak na naghihintay sa iyo. Sundin mo ang payo ko. Natitiyak kong hindi ka mapapasama sa taong papupuntahan ko sa iyo.*

*"At pagdating ng tamang panahon, sasabihin mong tama ang pagsunod mo sa payo ko. Ito ang tandaan mo, Gerald, hindi habang-panahon ay nasa itaas ang mga Estevez. May Diyos na nakakaalam ng mga bagay dito sa mundo. Magtiwala ka sa Kanya,"* mahabang paliwanag ni Mang Daniel.

Baon ang sakit ng kalooban at ang pangako sa sariling babalik siya para maiganti ang kasawian ng kanyang pamilya, nilisan ni Gerald ang lugar na kanyang kinalakhan… ang lugar kung saan binuo niya ang kanyang mga pangarap. Kahit anong hirap ay tatahakin niya para maiganti ang sinapit ng kanyang mga magulang sa tamang panahon at pagkakataon.

Darating ang araw, pagbabayarin niya ang mga dapat magbayad!

Kuyom ang kanyang mga kamay, pinatigas niya ang kanyang puso. Ibang Gerald Garcia na siya ngayon at sa mga darating pang mga araw.

# 1

Kaagad na nagtuloy si Aina sa kanyang kuwarto pagkagaling sa memorial park. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya matanggap na wala na ang mommy niya. Naupo siya sa gilid ng kama. Pagkaisip sa namayapang ina ay kaagad na nag-init muli ang sulok ng kanyang mga mata. Mayamaya pa ay hindi na niya napigilan ang pamamalisbis ng luha sa kanyang mga pisngi.

Tatlong araw na ibinurol ang kanyang ina, si Mrs. Victoria Estevez. Tatlong araw rin na wala siyang tulog at pahinga, pero hindi siya makaramdam ng anumang pagod o antok. Ang tanging nararamdaman niya ay matinding dalamhati at pangungulila sa ina.

Mas malapit siya sa kanyang ina dahil madalas na wala sa bahay ang daddy niya. Pitong taon bago siya nasundan ng isa pa ring babae–ang kapatid niyang si Antoinette. Bagaman mayaman ang kinagisnan niyang pamilya, lumaki siyang walang yaya.

Tanging ang kanyang ina ang nag-alaga at nag-aruga sa kanya hanggang sa kanyang pagdadalaga. Ito ang naghahatid at sumusundo sa kanya sa paaralan. Ito ang personal na nag-aasikaso ng pangangailangan

niya mula sa pagkain hanggang sa damit na isusuot. Lahat ng bagay ukol sa kanya ay sinisiguro nitong nasa tamang lugar. Hindi ito matutulog hangga't hindi nasisigurong nakainom na siya ng maligamgam na gatas.

Her mother did everything for her and her sister up to her last day on earth. Kahit may dinaramdam itong sakit sa puso ay siniguro nitong palagi ang kaayusan ng pamilya.

Wala siyang inilihim na kahit ano sa kanyang ina. She remembered when she had her first crush at age eleven. Nang sinabi niya iyon sa ina, nakipag-vibes pa ito sa mommy ng crush niya kaya sila nagkalapit ng lalaki. Kaya nga hanggang sa nagdalaga siya, wala siyang isinekreto rito. Her mother even urged her to have a boyfriend when she finished college. Pero hanggang sa nakapagtayo siya ng sariling negosyo, sa tulong na rin nito, hindi siya nakaranas na magkaroon ng seryosong relasyon. She went out on dates and had many male friends, but she did not have a serious commitment with anybody.

Ang *Aina's Apparel* ay ang business niyang katatayo lang wala pang isang taon ang nakakaraan. Nagtapos siya ng kursong Business Management at kaagad na nag-venture sa sariling negosyo sa

tulong ng parents niya, lalo na ang kanyang mommy. Kaagapay niya ito mula sa paggawa ng feasibility study, pagpapa-construct ng patahian at paghahanap ng mga suppliers ng kanyang mga produkto.

Ginagawa niya ang lahat para mapaunlad ang negosyong itinayo niya. Hindi lingid sa kanya na bagsak na ang kabuhayan ng kanilang pamilya. Magmula nang nagkasakit ang Lolo Gaudencio niya sampung taon na ang nakakaraan, ay unti-unti nang bumagsak ang emperyong itinayo nito. Napilitan silang umuwing mag-anak mula sa Amerika nang namatay ang kanyang lolo para ang daddy niya na ang mamahala ng naiwang negosyo ng yumaong matanda.

Pero hindi sanay si Mr. Mariano Estevez sa trabaho sa hacienda dahil isa itong pribadong empleyado sa Amerika kaya sa halip na makabangon ang hacienda mula sa pagkakalubog ay mas lalong nalugi iyon. Noon lamang nakaraang tatlong taon ay napilitan ang ama ni Aina na ipagbili iyon. Lumipat sila sa Maynila at bumili ng isang di-kalakihang bahay. Nag-invest si Mr. Estevez sa ilang negosyo gamit ang natirang pera, pero hindi rin naging maganda ang kalagayan ng mga negosyong pinasok nito. Madaling naubos ang perang napagbentahan ng hacienda.

Mabuti na lamang at kahit paano ay kumikita ang *Aina's Apparel*. Pero alam niyang hindi pa iyon ganoong established lalo pa nga at nakasanla rin sa bangko ang lupang kinatitirikan ng factory nito. Sa ngayon, doon lamang sila kumukuha ng ikinabubuhay. Si Antoinette, ang bunso niyang kapatid, ay nasa huling taon pa sa kolehiyo. Alam niyang hindi niya maaasahan ang kanyang ama na makatulong sa pamilya dahil sa sobrang depresyon nito. Gaya ng kanyang ina na namatay sa sakit sa puso, mayroon din itong karamdaman na heart-related din.

Malaki ang takot sa dibdib ni Aina. Mula pagkabata ay nakagisnan niya ang isang mala-prinsesang buhay. Kahit nang nasa Amerika pa sila ay nabubuhay sila nang masagana dahil bukod sa magandang trabaho ng ama roon ay pinapadalhan din sila ng lolo niya ng malaking halaga. But that was before. Ibang-iba na ang sitwasyon nila ngayon. Hindi na kagaya nang dati.

Kung hindi siya magtatrabahong mabuti, baka hindi na nila uli maranasan ang marangyang buhay.

Kaya ngayon pa lang, missed na missed na niya ang kanyang mommy. Nasanay siyang ikinokonsulta rito ang lahat ng desisyon niya. She didn't know how to move on with her life now that her mother was

gone. She lost not only a mother, but a dear best friend as well. Kay hirap tanggapin na ang taong pinakamalapit sa puso niya ay kaagad na mawawala sa isang iglap. But she had to be strong enough to face her ordeal.

Pinahid niya ang luha sa kanyang mga mata nang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto. Hindi siya sumagot pero bumukas kaagad iyon.

Si Antoinette ang pumasok.

"Ate…." Lumapit ito sa tabi niya at naupo. "Umiiyak ka na naman," anito. Mapula rin ang mga mata nito na tila nagbabadyang pamukalan ng luha. Niyakap siya nito. "Ate, huwag ka nang umiyak. Nahahawa ako sa iyo, eh."

"Nami-miss ko kasi si Mommy," sabi niya kasunod ang isang hikbi. Kahit bunso si Antoinette ay mas malapit siya sa ina kaysa rito. Pero wala namang naging inggitan sa pagitan nilang magkapatid. Mahusay kasing mag-explain ang mommy nila. Malaki ang age gap nila ni Antoinette kaya magkaiba ang closeness nila sa kanilang ina. Her sister was closer to their father.

"Ako rin naman, eh. I miss her also. I was a bad daughter to her. Matigas kasi ang ulo ko."

Pinisil niya ang kamay nito. “No, you’re not bad.”

“Tama si Mommy. Dapat gayahin kita. I am stubborn and hard-headed. Imagine, at my age, nakadalawang boyfriends na ako samantalang ikaw, wala pa.”

Pinilit niyang ngumiti. “Bakit? Pinagalitan ka ba nina Mommy at Daddy n’ung na-in love ka? Hindi naman, ah.”

“Yeah, but the thing is…. I know na ayaw ni Mommy na masyado akong nagmamadali sa love. Dapat, crush-crush lang. Hayaan mo, from now on, pag-aaral na lang ang iintindihin ko.” Pinahid nito ang luha sa pisngi. “Gusto kong ipagmalaki ako ni Mommy kahit wala na siya.”

Tumango siya at hinaplos ang buhok nito. “That’s my girl.”

“Huwag ka nang umiyak, ’Te. Kasi malulungkot din si Mommy kapag malungkot tayo, di ba?”

Lumunok siya. “Yeah.”

“Pupunta na ako sa room ko.”

“S-sige. Magpapahinga na rin ako.”

Nang lumabas si Antoinette sa kanyang silid ay

hindi rin naman kaagad nakapagpahinga si Aina. Patuloy na nilalamon ng matinding dalamhati ang kanyang puso. Nakapagpalit na siya at lahat ng damit at nakahiga sa kama ay hindi pa rin mapanatag ang kanyang isip.

Alam niya kung gaano nasasaktan ang kanyang ama sa pagkawala ni Victoria. Ang bagay na iyon ang isa pang ipinag-aalala niya. Baka magkasakit ang matandang lalaki. Nakita nga niya ito kaninang uminom ng alak pagkagaling na pagkagaling sa memorial park.

Mahihirapan siyang tanggapin na wala na ang kanyang ina, pero pipilitin niyang mamuhay nang normal alang-alang sa kanyang ama at kay Antoinette.

---

"Kumusta'ng takbo ng hacienda, Mang Daniel?" tanong ni Gerald sa katiwala pagkababang-pagkababa sa kanyang blue *Ford Escape*. Tinapik pa niya ang balikat nito.

"Maganda ang ani ng palay. Mas maganda kaysa noong nakaraang taon," masayang sabi ni Mang Daniel. "Maayos din ang kalagayan ng bakahan at babuyan. Ang mangga ay pinabomba ko na. Paniguradong maganda rin ang ani, huwag lang

babagyo nang malakas at masisira ang mga bulaklak. Mas masuwerte ang taon na ito sa kabuuan, Gerald. Masuwerte kang talaga."

Tumangu-tango siya, pagkuwan ay nagpakawala ng malalim na buntong-hininga. "Hindi ko akalaing nasa akin na ang lahat ng ito, Mang Daniel." Pinigil niya ang pangungulap ng kanyang mga mata. Nagpatuloy ang dalawang lalaki sa paglalakad sa walkway patungo sa loob ng mansion. Sa lanai sila nagtuloy.

Sinenyasan ni Mang Daniel ang isang katulong para silbihan sila ng kape. Nakaupo na sila sa silyang rattan nang magsalita ang matandang itinuring na rin niyang parang tunay na ama. "Ito ang sinasabi ko sa 'yo bago ka umalis sa bayan natin, Gerald. Kung nagpadalus-dalos ka noon, baka hindi mo narating ang kinalalagyan mo ngayon."

Tumango siya uli. "Tama kayo at isa kayo sa pinagkakautangan ko nang sobra-sobra kaya narating ko ito."

Hinintay muna ng matandang katiwala na maibaba ng katulong ang kapeng ipinahanda nito. Iniabot nito sa kanya ang isang puswelo bago humigop sa tasang laan para rito.

"Nang kinailangan ng tatay mo ang tulong ko noong nasa kulungan siya ay wala akong nagawa… hanggang sa namatay siya ay wala pa rin akong nagawa. Pati ang iyong ina ay nadamay at hindi ko man lang siya nadamayan. Kaya ipinangako ko sa sarili ko na ikaw ang aking tutulungan."

Lumunok si Gerald para mawala ang tila batong nakabara sa kanyang lalamunan. Labinlimang taon na ang nakakaraan pero hindi pa rin niya nalilimutan ang mga naganap. Hindi na marahil mabubura iyon sa kanyang sistema. Habang-buhay na niyang babaunin sa kanyang dibdib ang galit sa mga Estevez.

Nang nabubuhay pa si Don Menandro Margallo—ang taong kumupkop at nagbigay sa kanya ng magandang buhay ay palagi nitong sinasabi na alisin niya ang galit sa dibdib dahil wala raw iyong magagawang maganda sa kanya. Subalit hindi ganoon kadaling kalimutan ang masaklap na pangyayari sa buhay niya. Sa tuwing maiisip niya ang nangyari sa kanyang mga magulang ay nabubuhay ang galit sa dibdib niya na naging sanhi para maging bato ang puso niya.

Si Don Menandro ay isang balo na walang anak. Ang tiyahin ni Mang Daniel ay mayordoma sa mansion nito sa Maynila. Ito ang naisip ni Mang

Daniel na maaaring makatulong sa kanya. Hindi lang tulong ang naibigay sa kanya ni Don Menandro. Kinupkop siya nito at pinag-aral sa isang mahusay na eskuwelahan. Itinuring siya nitong tunay na anak. Hindi niya akalain na pagkatapos niya ng kolehiyo ay siya ang gagawin nitong tagapamahala ng mga negosyo nito. At lalong hindi niya inaasahan ang ginawa nitong paglalagay sa kanyang pangalan ng halos lahat ng ari-arian nito. Sa kabutihang-palad ay wala namang mga kamag-anak na naghabol sa kayamanang iniwan nito. Siya lamang ang nag-aruga nang maratay ito sa ospital dahilan sa cancer sa loob ng halos dalawang taon. Itinuring na rin niya itong ama.

Marahil ay talagang pinagpapala siya ng langit. Bukod sa mga negosyong iniwan ni Don Menandro ay nagtayo pa siya ng sarili niyang negosyo. Unti-unti na ngayong nakikilala ang *Garcia Investors, Inc.* Iyon ang nakabili ng *Hacienda Estevez* na kinalaunan ay pinalitan niya ng pangalan at naging *Hacienda Garcia*.

Mas maganda sana kung buhay pa si Don Gaudencio dahil ito ang may malaking pagkakautang sa kanyang pamilya. Hindi siya nakipagharap sa anak nitong si Mariano. Tanging ang mga abogado niya at si Mang Daniel ang nakipagnegosasyon sa mga ito. Nang mapasakamay niya ang titulo ng hacienda ay

hindi napigilan ni Gerald ang pagtulo ng kanyang luha. Bato ang puso niya pero sa tuwing maaalala niya ang kanyang mga magulang ay hindi niya mapigilang mapaiyak.

He kept track of the lives of the Estevez family. Alam niya ang mga pinagdaanan ng mga ito—kung paano nalugi ang hacienda ng mga ito, kung paano iginupo ng karamdaman ang dati ay gahaman at parang haring si Don Gaudencio. Sa ngayon ay alam na alam din niya ang kalagayan ng pamilya ng anak nito. Alam niyang kamamatay lang ng manugang nito. Alam niya na iisa na lang ang inaasahang negosyo ng mga ito—ang *Aina's Apparel* na pag-aari ng panganay nitong apo. He had the family's complete profile.

Iyon ang nagagawa ng salapi at kapangyarihan. Mga bagay na dating nasa pamilya Estevez na ngayon ay siya na ang may hawak.

He was now the master of the game. Kung magkakaroon siya ng pagkakataon ay gugustuhin niyang makuha pa ang lahat na pag-aari ng mga Estevez.

"Ikaw? Kumusta ka naman?"

Napalingon si Gerald kay Mang Daniel. Naputol ang pagdaloy ng gunita sa kanyang isip. Huminga

siya nang malalim bago humigop ng kape. Ipinatong niya ang puswelo sa ibabaw ng rattan center table. “Okay naman ho.”

“Wala ka bang balak na dumito na lang sa hacienda?”

“Narito naman ho kayo, Mang Daniel. Marami ho akong inaasikaso sa Maynila. At saka alam kong nasa magandang kamay ang hacienda. Ayoko hong manatili dito. Maalala ko lang palagi sina Inay at Itay.”

“Naiintindihan kita, Gerald. Mabuti na nga lang at wala na ang mga dati nating kakilala dito. Walang nakakaalam na isang dating taga-rito ang nagmamay-ari ngayon ng hacienda na ito. Sinunod ko naman ang sinabi mo na wala tayong paaalisin na isa mang trabahador. Nang bumagsak naman ang kabuhayan ni Don Gaudencio at naratay siya sa sakit ay isa-isa na ring nawala ang mga sakim din niyang tauhan. Iniwan siya ng mga ito sa gitna ng kahirapan.”

“Labas ho ang mga trabahador sa ginawa ni Don Gaudencio sa amin noon. Sa hacienda sila umaasa kaya dapat lang na manatili sila rito,” katuwiran niya.

Ngumiti si Mang Daniel. “Kahit matigas ang kalooban mo, lumalabas pa rin ang kabutihan ng

loob mo, Gerald."

Isang tipid na ngiti ang isinagot niya.

"Kailan mo naman balak na mag-asawa? Hindi ka na bumabata." Pagak na tawa ang lumabas sa bibig niya sa biglaan nitong tanong. "Alam kong maraming babae ang nagkakandarapa sa iyo, pero sa ngayon ay kailangan mo ng isang mabait na asawa para pagsilbihan ka. Kailangan mo na rin ng anak. Kanino mo iiwan ang mga kayamanan mo kung wala kang anak?"

"Naisip ko na rin ho 'yan, Mang Daniel. Kailangan ko talaga ng anak. Sa malao't madali ho, kailangan ko nang pag-isipan ang bagay na 'yan."

"Tama 'yan. Huwag mong kalimutang narito ako para kumilatis sa magiging asawa mo, ha?"

Ngumiti lang siya. He had been going out with a lot of women. Magaganda at mayayaman, pero ni isa sa mga ito ay wala pa siyang napili para pakasalan. Isa lang ang sigurado niya, kailangan niyang magkaroon ng anak na magiging heredero ng mga kayamanan niya. Kung sino ang kanyang magiging asawa para maging ina ng magiging anak niya ay wala pa siyang ideya.

He did not even consider marrying Olga, his

constant date for more than a year now. She was beautiful and she excited him but she didn't feel extra special for him to marry her. Masyado itong makabago at hindi niya gusto ang ilang gawi nito. Hindi rin niya alam kung ano ang hinahanap niya sa isang babae. Hindi pa niya marahil nakikilala ang babaeng bibihag talaga ng kanyang puso at gugustuhin niyang pakasalan.

He was a little over thirty now. Kung tutuusin ay nasa kanya na ang lahat para pag-isipan naman ang pagbuo ng pamilya. He had everything any woman would long for. Nagawa na niyang lahat ang nais niyang mangyari. Ngunit pakiramdam niya ay may kulang pa rin.

Anak. Kailangan niya ng anak. Isang anak na habang maaga ay matuturuan na niya para maghawak ng iiwan niyang negosyo.

He needed a son, but not necessarily a wife. He wasn't a woman-hater but he was practical enough to know that he might not find someone who would end up with him forever. Ngunit hindi naman niya isinasantabi ang tsansa na makahanap ng tamang babae.

It wasn't a plan. Basta naisip lang niya ngayon ang bagay na iyon. He wanted a son. He needed one.

# 2

Dumaan ang mga araw at linggo na pinilit lamang ni Aina na maging normal ang kanyang buhay. Isinubsob niya ang ulo sa pagtatrabaho. Kapag wala siya sa kanyang opisina ay sa factory siya naglalagi para personal na masubaybayan ang tahian. Kailangan niyang magsumikap para mapaunlad ang kanyang negosyo. Iyon na lamang ang kanilang inaasahan. Ang daddy niya ay halos hindi na naglalalabas ng bahay. Kahit ano ang gawin niyang pagpipigil sa pag-inom nito ay ayaw nitong paawat. Namomroblema na siya rito pati na si Antoinette.

She only had four staff. Kapag hindi masyadong abala sa pag-aaral si Antoinette ay roon ito tumutuloy para tulungan siya sa mga paperworks. Para malibang siya, madalas, kapag may kailangan silang i-deliver nang rush ay siya na ang personal na nagde-deliver. Magaan lang naman ang mga produkto nila.

She drove her car alone. Pinaalis na niya ang kanyang driver para makabawas sa gastusin. Dahil hindi na umaalis ang daddy niya sa bahay, ibinenta na rin nito ang kotse nito. They were living a very modest life now. Taliwas sa mundong nakagisnan

nila ni Antoinette. Pero hindi sila nagrereklamo, lalo na siya. She didn't want her father to know that she was affected with what was happening in their lives.

Sa halip, itinutuon na lang niya ang isip sa pagpapaunlad ng natitira nilang kabuhayan. Kung hindi siya kikilos ay baka magising na lang sila isang araw na pati ang *Aina's Apparel* ay wala na rin sa kanila. Ang bagay na iyon ang hinding-hindi niya mapapayagang mangyari.

Tamang-tamang naiabot na sa kanya ng assistant cum secretary niyang si Emy ang mga resibo ng stocks na idi-deliver nang bumukas ang pinto ng opisina niya.

Si Cindy, ang kanyang best friend, ang dumating. "Hi! Aalis na tayo?"

"Oh, hi. Akala ko ba hindi ka makakasama dahil may date ka?" May ide-deliver siyang stocks sa isang boutique sa Parañaque.

Madalas niyang kasama sa mga client calls at deliveries ang kaibigan. Hindi pa ito nakakatapos ng kolehiyo dahil ilang beses na itong na-kick-out sa universities na pinasukan nito. Pinarusahan tuloy ito ng parents nito at pinahinto sa pag-aaral. Sa susunod na semester na lang daw uli ito papasok at magtitino

na.

Blessing in disguise na hindi ito nag-enrol ngayong semester dahil palagi siyang may kasama. They were opposites kung ugali at kilos ang pag-uusapan pero nagkasundo sila ni Cindy. Naging magkaklase sila nito sa high school nang umuwi sila rito mula sa Amerika. Nagkahiwalay lang sila noong third year high school dahil napababa ng section si Cindy.

Mabait naman ito kaya lamang ay pasaway. Nag-iisang anak kasi at masyadong na-spoil ng mga magulang. Sila ni Antoinette ay lumaki rin sa layaw pero lumaki silang hindi pasaway.

Umupo ang kaibigan sa guest chair sa harap ng table niya. “I cancelled my date.”

Itinaas niya ang isang kilay. “Bakit?”

“Eh, naisip kong wala kang kasama kaya tinawagan ko ang date ko para sabihing hindi na kami matutuloy. Anyway, hindi ko naman siya masyadong type. At saka baka magbago pa ang isip mo na kuhanin akong partner dito sa negosyo mo. One semester na lang at graduate na itong kaibigan mo kaya puwedeng-puwede na ako rito. Nakausap ko na nga ang mommy at daddy ko at masayang-

masaya sila. Mag-aaral sa gabi 'tapos magtatrabaho ako dito sa umaga."

Napangiti siya. "Great! Nagising ka na rin."

"Nahihiya kasi ako kasi ang layo na ng narating mo. Ako, 'eto, wala pa rin."

"Hindi ko nga alam kung ano'ng mangyayari sa mga susunod na araw. Alam mo namang may financial burden kami. Maganda nga ang takbo ng negosyo ko, kaya lang nakasanla sa bangko ang lupa at building na ito. Kung hindi ko mababayaran sa tamang panahon…." Ibinitin niya ang sasabihin. Nananakit ang kanyang lalamunan.

"Don't worry. Kakausapin ko na ang parents ko. Kailangan na nila akong bigyan ng pera para pang-share."

"Hindi naman maliit lang na pera ang involved, Cindy. Mag-share ka man, hindi sasapat 'yon. Naisip ko na nga na kumuha ng malaking investor bago mahuli ang lahat."

Nakisimpatya si Cindy sa kanya. "Ikaw, kung sa tingin mo ba ay iyon ang tama. You know what's best. Kaya mo 'yan."

"I should put my heart and soul in everything

I do. Kailangan kong gawin ang lahat para hindi mawala ang negosyong ito. Sa ngayon, ito ang bread and butter ng pamilya ko. Depressed si Daddy at nag-aaral pa si Antonette. Ako na lang ang inaasahan nila."

"Correct!" tili nito. "I'm sure… sobrang proud ng mommy mo sa iyo dahil sa lakas ng fighting spirit mo."

Muling nanakit ang lalamunan niya sa sinabi ni Cindy.

"Sorry, I should have not mentioned your mom. Nalungkot ka tuloy."

"N-no. Okay lang."

"Sure?"

"Yeah." Pinigil niya ang nagbabantang luha.

---

Hindi inaasahan ni Aina ang mas malaking problemang sasalubong sa kanya pagdating niya sa bahay. Sinalubong siya ng maid nilang si Duday at ibinalitang inatake umano sa puso ang daddy niya at isinugod ni Antoinette sa ospital. Tinatawagan daw siya ng mga ito pero hindi siya ma-contact sa cellphone.

Wala siyang sinayang na oras. Kaagad siyang bumalik sa kanyang kotse at sumugod sa ospital na pinagdalahan sa kanyang ama. Pagdating doon ay ay nadatnan niyang umiiyak ang kanyang kapatid habang naghihintay sa kanya sa labas ng ICU. Naroon ang daddy nila.

"Ano ba'ng nangyari?" Naglandas na rin ang luha sa mga pisngi niya.

Panay ang hikbi ni Antoinette. "Kumatok ako sa kuwarto niya pagdating ko galing sa school. Nakita ko na lang siya na nakahandusay sa sahig. Ate… ano'ng mangyayari kay Daddy? I'm so scared. Baka magaya siya kay Mommy...." Nasundan ng hagulhol ang mga hikbi nito.

Niyakap niya ito. "Walang masamang mangyayari kay Daddy. He'll be okay," pahayag niya, pilit kinukumbinsi ang sarili na ganoon nga ang mangyayari kay Mr. Estevez. Puno ng takot ang dibdib niya. Puno iyon ng pagdadalamhati. Mahigit isang buwan pa lang ang nakakalipas mula nang pumanaw si Victoria. Mahal niya ang ama. Baka hindi na niya makaya pa kapag nawala pati ito.

"Natatakot ako, Ate…."

"Shh, don't worry. Hindi hahayaan ng Diyos na

may mangyaring masama kay Daddy." Pilit niyang pinalakas ang loob. "Nakausap mo na ba ang doktor?"

"Hindi pa."

Nagkataong palabas na ang doktor mula sa ICU. Sinalubong nila ito.

"Kayo ang kapamilya ni Mr. Mariano Estevez?" tanong ng manggagamot.

Mahigpit na magkahawak ang mga kamay ng magkapatid. Si Aina ang sumagot, "Mga anak po niya kami. Kumusta na po ang daddy namin?"

"My name is Dr. David Go," pagpapakilala nito. "I'll be frank with you. Your father suffered a stroke. May pumutok na ugat sa ulo niya. He needs immediate operation bago tuluyang maapektuhan ang kanyang utak."

Napahagulhol muli si Antoinette. Para namang pinagsakluban ng langit at lupa ang pakiramdam ni Aina.

Pinigil niya ang maging emosyonal. Hindi iyon makakatulong. "G-gawin n'yo po'ng lahat para mailigtas ang daddy ko."

Tumango ang doktor. "I'll have the papers ready for you to sign. Isasagawa ang operasyon ngayong

araw ring ito."

"D-Doc, what's… what's his chance to survive?" tanong ni Aina. Hilam na ng luha ang mga mata niya.

"Fifty-fifty."

Lalong napaiyak ang kanyang kapatid. Pinahid niya ang luhang pumatak sa kanyang pisngi. She needed to be strong for her dad and for Antoinette. "Doc, please… iligtas ninyo ang daddy namin."

"We will try our best. Samahan ninyo ng prayers. Malaki ang magagawa niyon."

Marahan siyang tumango. Talagang wala silang malalapitan ngayon kundi ang Diyos.

---

Isinagawa ng mga doktor ang operasyon kay Mariano. Halos labindalawang oras ang itinagal niyon. Hindi umalis ang magkapatid sa labas ng operating room maliban na lamang kung kinailangan silang magpunta sa rest room. Matiyaga silang naghintay hanggang sa lumabas ang attending physician ng kanilang ama. The operation was successful, ayon na rin kay Dr. Go. Ngunit hindi pa nasisiguro ang kaligtasan ni Mariano. He must be placed under observation hangga't hindi nasisigurong

hindi magkakaroon ng komplikasyon sa katawan ng pasyente ang isinagawang operasyon at ang mga gamot na itinurok dito.

Halos ay madurog ang puso ni Aina pagkakita sa ama nang puntahan nila ito ni Antoinette sa recovery room. Kapwa nila naalalang nasa ganoon ding kalagayan noon ang kanilang ina habang nakikipaglaban ito kay Kamatayan.

Impit ang hikbi ng kapatid. Binulungan niya ito. “Stop crying, sis. Dad will make it,” pampalubag-loob niya.

Para siyang nauupos na kandila nang mga oras na iyon. She was silently praying na sana ay makaligtas ang ama.

---

Kaharap ni Gerald sa kanyang pribadong opisina ang kaibigan at senior vice president ng *Garcia Investors, Inc.* na si Ron. Matagal na niya itong kakilala. Anak ito ng kaibigan ni Don Menandro at alam nitong lahat ang mga nangyari sa kanyang buhay. Alam din nito kung ano ang mga binabalak niyang gawin.

“I’ve got news for you, pare,” anito.

“About what?”

“Nasa ospital ngayon si Mariano Estevez.”

Blangko ang ekspresyon niya. “Go on.”

“It just so happened na pinsan ko ang isa sa mga doktor na nag-opera sa kanya. We had dinner last night. Nabanggit niya ang pangalan ng pasyente na inatake raw sa puso at may ugat na pumutok sa ulo. I thought you’ll be interested kaya sinasabi ko ito sa ‘yo.”

Dinampot niya ang kanyang *Parker* pen at nilaro iyon sa dulo ng mga daliri. “Mukha talagang siningil na ng langit ang lahat ng kawalanghiyaan ni Gaudencio Estevez noon. Just recently, ’yung manugang ang namatay, ‘tapos ngayon, anak naman ang nag-aagaw-buhay. It’s just a pity na ang mga naiwan niya ang naabutan ng karma.” Napapalatak siya.

“Oo nga.”

“Keep track of the situation. Mukhang sooner or later, mapapasaatin na rin ang kompanya nila.”

Nagtaka ang kaibigan. “You mean, you want to have that apparel? Maliit lang ’yon.”

“I don’t care.”

"At hindi kay Mariano Estevez ang kompanyang iyon. Sa pagkaalam ko, isa sa dalawang magagandang anak niya ang may-ari niyon."

"I know," tiim ang mga bagang na turan niya. "Malas nila. Naging kalahi sila ng demonyong si Gaudencio Estevez."

Tinitigan siya ni Ron. "Patay na si Gaudencio, pare. Base sa mga reports na nakuha mo dati, hindi naging aktibo si Mariano sa negosyo ng ama niya. Ito ngang anak na panganay ni Mariano ang nagpapatakbo ng maliit nilang negosyo."

"Too bad, dugo ng Estevez pa rin ang nananalaytay sa kanila," giit ni Gerald.

Bahagyang kumunot ang noo ng kanyang kaibigan. "Tell me, hanggang kailan ka maghihiganti?"

"Hanggang sa nasa akin na ang lahat ng kanilang mga ari-arian. Hangga't may gabing napapanaginipan ko ang paghihirap ng mga magulang ko. Hangga't dinadalaw ako ng bangungot kung paano pinatay ang Itay sa kulungan at kung paano namatay ang Inay sa mga bisig ko dahil doon." Naikuyom niya ang kamay at naibayo sa desk.

"Pare…"

"Just do what I said, Ron. Gusto kong malaman ang bawat maliit na detalye tungkol sa kalagayan ni Mariano Estevez at ng dalawang anak niya pati ang kompanya nila. Papasok tayo sa sitwasyong kailangang-kailangan nila ng tulong. After all, kung sakaling kailangan nila ng financial support, hihingi rin sila sa iba. We might as well do it."

"All right."

# 3

Nagkamalay na si Mariano pagkalipas ng dalawang araw. Labis na nagpasalamat si Aina sa Diyos dahil sa itinuturing niyang isang himala. Sinabi ng doktor na kung hindi pa ito magigising sa loob ng dalawampu't apat na oras ay wala na itong pag-asa.

Hawak niya ang kamay ng ama nang nagkamalay ito.

"A-Aina…" Mahinang-mahina ang boses nito at gumaralgal. "S-sorry about… all this…"

"Dad, huwag na po kayong magsalita. Magpahinga na muna kayo." Pinahid niya ang luha sa sulok ng mga mata nito.

"P-pabigat… a-ako sa… sa iyo."

"No, Daddy. We need you. Kailangan namin kayo ni Antoinette. Kailangang lumaban kayo para sa amin. Gusto ba ninyong tuluyan na kaming malungkot? Wala na nga si Mommy, hindi na namin hahayaan na mawala pa rin kayo." Tumulo ang kanyang luha na kanina pa niya pinipigilan. "Daddy, please promise me na hindi mo kami iiwan ni Antoinette."

Mariing pisil sa kanyang kamay ang sagot nito bago tumango nang marahan. Ang bagay na iyon ay nagbigay sa kanya ng lakas ng loob kahit paano. Nang ilipat sa pribadong kuwarto ang pasyente ay kinausap niya ang doktor nito.

"He has to stay in the hospital for a while, Aina."

"Hanggang kailan pa po siya rito?"

"A week or two perhaps pagkatapos ay kailangang ma-monitor mabuti ang kanyang kondisyon. Naapektuhan ang kaliwang bahagi ng kanyang katawan. He needs a therapy for that. Pero maaari nang gawin iyon sa bahay kapag lumabas na siya."

Napalunok ang dalaga. Hindi kalakihan ang pera nila sa bangko. Maaaring sumapat lang iyon sa pambayad sa ospital. Ang gastusin para sa patuloy na gamutan ng ama ay hindi na niya alam kung saan kukuhanin. Ang kinikita ng kompanya niya ay nakalaan sa pambayad sa interes ng pagkakasanla ng lupa at building sa bangko.

"Kung ano po'ng makakabuti sa daddy ko, iyon po ang gagawin natin," aniya. "S-salamat po."

Nang palabas na siya sa opisina ng doktor ay parang nanghihina ang kanyang tuhod. Hanggang kailan kaya siya tatagal sa problemang kinakaharap?

Nasalubong niya si Antoinette sa hallway ng ospital. "Ate, kailan lalabas si Daddy?"

"In two weeks' time," aniya. "Para masigurong maayos na maayos na talaga siya." Pilit niyang pinasigla ang boses.

"Malaki ang babayaran natin dito, Ate," pakli nito. "May… may pera pa ba tayo?"

Hinawakan niya ang kamay ng kapatid. "M-meron pa naman."

"I'm sorry, Ate… as much as I want to help, wala pa akong magawa," malungkot na saad nito.

"The mere fact that you are here is already a big help, Sis. Don't worry, malalampasan natin ito."

Iyon ang pinanghawakan ni Aina pero nagkamali siya. Dalawang buwan pa lang ang nakakalipas mula nang maoperahan si Mariano, pero pakiramdam niya ay lalo silang lumulubog. Nagpadala na ng notice ang bangko dahil hindi sila nakakabayad ng interest sa loan nila. Ang kinikita ng *Aina's Apparel* na para sana sa pagbabayad ng utang ay nauwi sa gastusin nila sa bahay at sa maintenance ng gamot ng ama. Nakakulong na ito ngayon sa silyang de-gulong.

Kinausap niya ang abogado tungkol sa kanyang

problema. Isa lang ang payo nito. Kailangan na niyang makahanap ng investor na sasagip sa utang niya sa bangko bago tuluyang mailit ang mga ari-arian nila.

"Unless mapapagpasyahan mo na ibenta ang bahay ninyo at lumipat kayo sa apartment," ani Atty. Pancho.

"Magiging inconvenient po sa daddy ko kung lilipat kami ng bahay. Isa pa, Attorney, iyon na lang ang natitira sa amin. Kung mawawala pa ang bahay, sobra na po iyon."

"Then we better look for an investor who will be willing to take you away from the brink of disaster."

"Gawin na natin, Attorney."

"May kilala akong malaking investment company. I will have to set an appointment with them."

"Sige po.."

---

Isa-isang pinag-aralan ni Gerald ang mga papeles ng *Aina's Apparel*. Naroon din ang profile ng proprietress nito na si Aina Estevez. Nakatitig siya sa full-body shot photo nito na nasa cover ng company profile. She was beautiful, young and dynamic. Her eyes showed intelligence and wit. She looked smart.

Her eyes were soulful. Deep-set iyon na animo ay nangungusap. She had a luscious mouth. Bagaman nakasuot ito ng beige corporate suit ay mahihinuha ang magandang hubog ng katawan nito. She looked tall also. Yes, she was very beautiful.

He had known many facts about the Estevez family but he never had the chance to see the two young women in any business occasion. He had seen Mariano Estevez two years ago in a business conference but they were not introduced to each other. Siya na rin mismo ang umiwas na makaharap ang anak ng kinususuklaman niyang tao. In fairness, mukha namang mabait si Mariano. Kabaligtaran sa mabalasik na mukha ng ama nitong si Gaudencio ang anyo nito.

Nag-isip siya. In a wink of an eye, biglang may pumasok na ideya sa kanyang utak. Muli ay tinitigan niya ang magandang mukha ni Aina.

Alam na niya kung ano ang terms and conditions na inihain ng abogado nito hinggil sa suliranin ng kompanya ng mga ito. They wanted a merger. Pero nagpagawa siya sa kanyang legal staff ng counter-proposal. He wanted a full takeover. Pero ngayon ay nagdadalawang-isip siya. He wanted to have a new offer. Dinampot niya ang cellphone at tinawagan ang

head ng legal department.

"Atty. Balboa, kailan na nga ang meeting ko kay Miss Aina Estevez?"

"The day after tomorrow," sagot nito.

"All right. I have a change of plan. Kung gusto nila ng merger at ayaw nila ng full takeover natin, I might give in to their request."

"Ha? Akala ko ba kung hindi nila ibibigay ang buong kompanya ay hindi na lang natin kukuhanin."

"I have a personal agenda, Attorney. Ako na lang ang magsasabi niyon kay Aina Estevez."

"Okay. I will have the agreement revised. Ibi-base ko sa kanilang unang proposal."

Pagkapindot ni Gerald ng end call button ng cellphone ay nagpakawala siya nang sunud-sunod na buntong-hininga. He had been talking about *Aina's Apparel* for a long time. Never did he realize that he would be attracted to the beauty of its owner.

Why not? Sa ganda ng dalaga, wala naman sigurong kalahi ni Adan ang hindi maa-attract dito. If he had to make sure he would get even with the family who had caused him so much pain, Aina would be his last card.

Naisip niya ang anak na binabanggit ni Mang Daniel sa kanya kailan lang. Anak na dapat ay magkaroon na siya.

Kinagabihan ay nagkita sila ni Ron sa paborito nilang club kung saan mga VIP members lang ang nakakapasok. He discussed his plans with his friend.

"You must be out of your mind, bro," hirit nito pagkarinig sa mga sinabi niya. "Foul naman yata 'yon."

"Alin ang foul? I am going to offer Aina Estevez the best offer she could get."

Umiling-iling ang kaibigan. "Ibibigay mo sa kanya ang perang kailangan niya para hindi mawala ang kompanya niya, kapalit ng pagpapakasal sa iyo at pagbibigay ng anak? That's insane."

"What's insane?"

"Look, bro, alam mo at alam ko na kinamumuhian mo ang lahi ng mga Estevez pagkatapos ay dugo rin pala nila ang gugustuhin mong maging ina ng anak mo? Ang magiging anak mo ay apo sa tuhod ni Gaudencio Estevez. That is, kung papayag si Aina Estevez sa kalokohang naisip mo."

Natigilan siya sa punto ni Ron. Sa totoo ay

isinigaw na iyon ng kanyang isip, pero hindi niya alam kung bakit ang biglaan niyang pasyang iyon ay gusto na niyang panindigan ngayon.

"You don't understand my point, Ron. It's still part of the game," sabi na lang niya. "I want to see how painful for them to realize na ang anak ng inapi nilang tao noon ang nagmamay-ari na ng kanilang ari-arian. Ang konsolasyon na lang nila, kadugo pa rin nila ang magmamana niyon afterwards. Wasn't that a good deal?" Inubos niya ang scotch na laman ng kopita niya at nagsalin uli. Humarap siya ulit kay Ron. "I want a child… a legitimate child who will inherit all my wealth."

"And you have all the time to marry the woman you love."

"That's the problem. Wala akong babaeng gustong pakasalan sa ngayon."

Ngumiti ito. "Whew! And this Aina Estevez, gusto mong pakasalan. That's weird. Ni hindi mo pa nga siya nakikita."

"As I've said, this is only a part of the game. I want to know how desperate she is to survive. Kapag kumagat siya sa offer ko, well and good. We'll have prenuptial agreement. We'll annul the marriage after

some time."

"Alam mo, pare… kung hindi kita kilala, iisipin kong nasisiraan ka ng ulo."

"Say what you want, Ron. Pakiramdam ko, kapag natuloy ang planong ito, mahihinto na ang mga bangungot sa buhay ko. Makakaganti na ako nang husto kay Gaudencio Estevez," pahayag niyang may determinasyon sa tono.

"Paano ang feelings ni Aina? Paano kung may nobyo na siya at…" hirit pa rin ng kaibigan.

"We will meet the day after tomorrow."

"At wala siyang kaide-ideya sa ihahain mong proposal?"

"Nah. None at all. Kung papayag siya, well and good. If not, hindi ko siya pipilitin."

"Crazy!"

Ngumiti si Gerald. "I know. I am crazy this time." Nilagok uli niya ang laman ng kanyang wineglass.

He was feeling strange. Hindi niya maintindihan ang sarili. He had never hurt any woman in his whole life. He never took advantage of women even if they were the ones showing interest in him. Pero sa

puntong ito, hindi niya masasabing masama siyang tao. Hindi naman siya hihingi ng pabor. It would be a win-win situation.

Really, his heart was pounding. Ang excitement na kanyang nararamdaman ay hindi niya malaman kung saan nagmumula. Lihim siyang umaasam na pumayag si Aina sa kanyang gusto. It would make his whole life complete, he thought. That would be the peak of his victory.

---

Dalawang beses na nagpalit ng damit na isusuot si Aina bago siya nag-settle sa kremang terno na executive suit. She was nervous and at the same time excited of meeting the owner of *Garcia Investors, Inc*. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit siya lang ang gustong makausap ni Gerald Garcia. Ayon sa abogado niya, bihira raw makipagharap nang personal sa mga kliyente ang negosyante. Hindi rin daw ito nagpupunta sa mga business functions and events. Mas gusto raw nitong magtrabaho nang tahimik.

“I think this will be good for our part, Aina,” ani Atty. Pancho nang nagkausap sila noong nakaraang araw. “Use your charm para mapapayag siya sa mga terms and conditions natin.”

Nginitian lang niya ang abogado. She was of age already but never in her life did she ever use her charm in her business. She was keeping her fingers crossed so that Gerald would accept her proposal. Na kung may gusto man itong idagdag o baguhin, sana ay minimal lamang.

Matapos masigurong maayos na maayos na ang sarili ay lumabas na siya sa powder room ng kanyang opisina. They would be meeting for lunch in a restaurant in Makati. Pinatawag muna niya si Emy sa secretary ni Gerald para kumpirmahin ang eksaktong oras ng kanilang pagkikita.

Ang mayamang negosyante ang pumili ng venue. She preferred to talk to him in her office, but she was not in the position to choose the venue. Baon ang dalangin, malakas ang kaba ng kanyang dibdib sa napipinto nilang paghaharap ng taong maaaring makatulong sa kanya.

Pagdating niya sa restaurant ay kaagad siyang sinalubong ng isang unipormadong waiter.

"Miss Aina Estevez?" tanong nito.

"Yes," maagap niyang tugon.

Iginiya siya nito sa isang pribadong silid ng restaurant. "Your reservation is here, Ma'am. Mr.

Garcia just called up. Naipit daw po siya sa traffic sa Magallanes but he'll be here within ten to fifteen minutes," nakangiting pagbibigay-alam nito.

Bahagyang lumakas ang kabog ng dibdib ni Aina. Sa VIP room pa pala nagpa-reserve ang lalaki. Nahinuha kaagad niyang regular customer sa restaurant na iyon si Gerald kaya kilala na ito roon.

Tinanong siya ng waiter kung ano ang gusto niya. Humingi lang siya ng tubig. Pakiramdam niya ay nanunuyo ang kanyang lalamunan. This wasn't the first time that she would be having a business meeting, subalit iyon ang kauna-unahang pagkakataon na makikiusap siya sa isang businessman. Sari-sari ang tanong sa kanyang isip. Nag-brainstorm na siya sa isip ng mga posibleng tanong ni Gerald at ng mga posible ring sagot niya.

Sana, sana lang ay maging maayos ang lahat.

Twelve minutes passed, and then she saw a man entered the room. She instanty felt a strange hammering of her heart when she saw Gerald Garcia approaching the table where she was seated. Of course it was Gerald. She should know. Nabanggit sa kanya ni Atty. Pancho na bata pa ito at guwapo.

Pero mukhang nagkamali ang abogado nila.

Hindi lang guwapo ang negosyante. He was every inch a good-looking guy. Animo ito isang modelo sa magazine… an epitome of tall, dark and handsome type.

Nakasuot ito ng dark beige na pantalon at pale yellow long-sleeved polo. He had nothing on his hands. His arms were free. He was tall… very tall. Marahil ay mahigit sa anim na talampakan ang taas nito. Hindi kalakihan ang pangangatawan nito pero athletic ang dating. He had broad shoulders.

He was a bit tan. Natural ang kulay nito. Hindi rin nakaligtas sa kanya ang makapal na straight hair nito na clean cut. Malago ang mga kilay nito na bumagay sa bilugan nitong mga mata at matangos ang ilong nito. His lips were a little pouted. Mamula-mula rin ang mga iyon. Mukhang hindi ito naninigarilyo.

Habang palapit ito ay lumalakas ang kabog ng dibdib ng dalaga. Hindi niya maintindihan kung tatayo ba siya o hindi. She was feeling a bit intimidated by his looks. Alam niyang hindi niya dapat maramdaman ang gayon, pero hindi niya mapigilan ang sarili lalo pa nga at habang palapit ito ay nakatitig ito sa kanyang mga mata.

"Aina Estevez?" he asked. He had a baritone voice. Bagay na bagay sa physical appearance nito.

"Y-yes," aniya. "Mr. Gerald Garcia…" Bahagya na lang lumabas sa kanyang bibig ang pangalan nito.

Inilahad nito ang isang kamay sa kanya. "Drop the formalities, please. Call me 'Gerald.' My pleasure to meet you."

Alanganing tinanggap niya ang kamay nito. When his big warm palm enveloped hers, she felt something uncurl deep within her. Kaagad niyang nahila ang kamay. "The… the pleasure is mine."

Hindi nito inalis ang pagkatingin sa kanya nang umupo ito sa tapat niya. "I am sorry if I made you wait."

"It's… it's okay."

Lumingon ito at sa isang kumpas ng kamay ay kaagad na lumapit ang waiter na sumalubong sa kanya kanina.

"Serve the lunch, please," anito.

Isa-isang ipinasok ang masaganang pagkain para sa kanilang pananghalian. Masarap ang mga putahe pero parang nawala ang panlasa ni Aina. Napakakaswal ng pakikipag-usap ni Gerald. He talked of business and economics. They were almost finished with their meal when he started to discuss about their

business. The real business.

“You have a nice proposal, Aina,” anito. He was looking straight into her eyes. Lumiwanag ang mukha ng dalaga sa sinabi nito. “But I am not interested in partly owning a very small enterprise.”

Napamaang siya. Literally ay bumagsak ang mga balikat niya. “S-so… what’s this meeting all about?” Ibig bang sabihin ay pinapunta siya ni Gerald sa lunch na iyon para lang sabihin sa kanya na hindi ito interesado sa kompanya niya? Na wala itong balak na tulungan siya?

“I have a better deal.”

“W-what deal?”

Tinitigan siya uli nito. “You will have your business… you will keep it. Sasagutin ko ang lahat ng utang mo sa bangko.”

“H-hindi ko maintindihan, Mr. Garcia.”

Nakita niyang humugot ito ng buntong-hininga bago uli nagsalita. “I will grant everything you needed and even more… if you will marry me and give me a child.”

Parang bigla siyang nakarinig ng malalakas na kulog. “W-what the hell are you saying?”

Baka nagkamali siya ng pakinig. Baka hindi nito sinabi ang gayon. She could have been dreaming.

“You heard me right, Aina. I am a very frank and practical person. I am looking for a woman who will give me a child. Kung magpapakasal ka sa akin, I will help you.”

Hindi pa rin ma-absorb ng kanyang utak ang sinabi nito. Hindi naman ito dirty old man para mag-propose ng gayon. Lalong hindi ito pangit. “B-bakit?”

“Huwag mo nang alamin ang dahilan. I have reasons na hindi mo na dapat pang malaman.”

“At sa palagay mo’y papayag ako nang gan’on na lang?” tanong ni Aina. Ngayon pa lang nagsisimulang mag-sink in sa utak niya ang sinabi nito. “Hindi ako ganoon kadesperado. I could always find someone na hindi kasing-dumi mo kung maglaro.” Umiling-iling siya. “I thought you’re a nice businessman. Nagkamali ako.”

She meant what she said. Sa isang sulok ng puso niya ay may kaunting panghihinayang. He could have been a man to dream of. Isa itong halimbawa ng kaibig-ibig na lalaki. Hindi niya alam kung bakit may munting kirot siyang naramdaman sa isang bahagi ng kanyang puso. Marahil ay dahil pakiramdam

niya ay nasaling ang pride niya. Ninais ng maliit na bahaging iyon ng puso niya na isang sinsero at mabuting nilalang si Gerald na kabaligtaran ngayon dahil sa pinagsasasabi nito.

"Think about my proposal, Aina. Alam ko ang kalagayan ng kompanya mo at ng personal ninyong buhay."

Mas napamaang siya. "You have no right to interfere with my private life!"

"It just so happens that I know everything about you," prangkang sabi ng binata.

"W-what are you talking about? Sino ka para alamin ang mga bagay tungkol sa buhay ko?"

"Gaya ng sinabi ko sa iyo kanina, hindi mo na dapat malaman."

Nag-iinit ang mga pisngi ni Aina. "You are telling me to marry you and give you a child, pagkatapos ay sinasabi mong hindi ko dapat malaman? How dare you, Mr. Garcia! Hindi ako bayarang babae!" Hindi na niya napigilan ang pagsungaw ng luha sa sulok ng mga mata niya.

"I don't need to pay women. I am doing you a favor."

Tumayo siya. Hindi na niya kayang tagalan ang pag-uusap na iyon. “You are insane!” Tumayo siya at akmang tatalikod.

He held her wrist. “I am giving you twenty-four hours to think about my proposal, Aina. Marry me, give me a child… then, you can file for annulment so you’ll be free again.”

“Baliw ka! Maghanap ka ng baliw din na papatol sa iyo.” Ipiniksi niya ang braso para makawala sa pagkakahawak nito. “Let go of me.”

Mas hinigpitan nito ang kapit sa pupulsuhan niya. “The child will inherit everything including *Hacienda Estevez*.”

Nanlaki ang mga mata niya. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“Gusto mong malaman ang dahilan ko, hindi ba?” He looked at her intently, his eyes holding hers. Hindi siya nakasagot. “I am the new owner of *Hacienda Estevez* na ngayon ay *Hacienda Garcia* na. May nag-uugnay sa iyo at sa akin, Aina.”

Umiling-iling siya. “H-hindi ko maintindihan.”

Binitiwan nito ang pupulsuhan niya. “Twenty-four hours. Let me know kung payag ka sa proposal

ko."

Sa halip na sumagot ay tumalikod si Aina. Parang wala sa sariling humakbang siya palayo kay Gerald. Nanghihina ang kanyang mga tuhod pero pinilit niyang makalakad nang maayos.

---

Mahigpit na naikuyom ni Gerald ang dalawang kamay na nakapatong sa ibabaw ng mesa.

"Damn!" mura niya sa sarili. He felt a loser after Aina left him. Kanina, habang palapit siya rito at nakita niya kung gaano ito kaganda, pakiramdam niya ay mas lumaki ang pagnanais niyang ituloy ang kanyang naunang plano. She really was attractive and beautiful.

He never imagined how a woman would have so much effect on him. He was feeling more intense now that he had seen her. Mas lalo pa iyong pinasidhi ng challenge sa pagtanggi nito.

Twenty-four hours. Gusto niyang bawiin ang maikling panahon na ipinalugit niya rito para tanggapin ang kanyang alok. It was too short a notice. Kung talagang gusto niyang makaganti sa mga Estevez hanggang sa huli, maaari siyang nagbago ng strategy. Maaari niyang paibigin ang dalaga sa subtle

na pamamaraan at pagkatapos ay iwan. Ngunit hindi naman siya ang tipong ganoon. He wanted a fair game. He would help her and she would give in to his request. That way, patas ang laban. Pareho silang panalo.

Ngunit iba nga yatang babae si Aina. Nagkamali siya sa ginawa. She was gone. Sa ibang panahon na lang niya marahil magagawang tuldukan ang paghihiganti sa pamilya nito.

# 4

Basang-basa ng luha ang mga pisngi ni Aina habang nagmamaneho ng kotse niya. Kay sakit ng kanyang dibdib. She prayed hard before meeting Gerald. She didn't deserve everything he said. Ni wala sa hinagap niya na may marumi itong iniisip.

Saglit niyang itinabi ang kotse sa gilid ng kalye at tinawagan si Cindy.

"Cindy," aniya nang nag-hello ito.

"O? Bakit? Umiiyak ka ba?" kaagad na tanong nito. Nahalata nito ang paggaralgal ng kanyang boses.

"Magkita tayo, please."

"Sa office mo?"

"Somewhere else." Binanggit niya ang isang coffee shop na madalas nilang puntahan.

"Okay. I'll be there in thirty to forty-five minutes. Hintayin mo ako, magbibihis lang ako."

Wala pang forty-five minutes ay naroon na si Cindy sa meeting place nila ng kaibigan. Nag-aalala itong lumapit sa kanya. "What happened? Di ba may

appointment ka sa *Garcia Investors*?"

"T-tapos na."

"And the result is negative kaya ka nagkakaganyan?"

Tinanggal niya ang shades na suot at pinahid ang namuo na namang luha sa sulok ng kanyang mga mata. "That Gerald Garcia is insane."

Namilog ang mga mata nito. "Gerald Garcia? Siya ang ka-appointment mo kanina?"

Tumango siya. "Kilala mo?"

"Gosh! Paanong hindi? Nabasa ko lang noong isang araw sa lifestyle section ng *Inquirer* ang isang artikulo tungkol sa kanya. Isa siya sa pinakabatang millionaire ngayon and mind you… he is very handsome. May pagka-mysterious nga ang dating niya. Hindi niya sinabi lahat ng assets niya. Basta ang caption ng article tungkol sa kanya, *A man born with bad luck but showered with luck.* Hindi naman in-elaborate masyado kung bakit."

Ibinalik niya ang dark shades niya sa mata. "That guy is horrible."

"Bakit? Sa tatlong naka-feature na milyonaryo, siya ang pinaka-interesting. Malay ko ba na siya pala ang may-ari ng *Garcia Investors*. Ni hindi nabanggit

doon ang kompanyang iyon."

"I hate him."

"Bakit nga?" pangungulit ni Cindy. Sinabi niya ang offer nito. Nanlaki ang mga mata nito. "What? He did that?"

"He did."

"Oh, my God!"

"He's a devil in disguise."

Nakita niyang ngumiti ito. "Well… I found him more mysterious and intriguing this time. Imagine, he is offering you his name. That's quite a fortune. My God, best friend, para ka nang tumama sa lotto kung mapapangasawa mo si Gerald Garcia."

Gustong tuktukan ni Aina ang kaibigan. Ang ini-expect niya ay manggagalaiti ito at makikiisa sa nararamdaman niyang disappointment. "Cindy, ano ka ba naman? Sa halip na mabuwisit ka sa walanghiyang 'yon, gino-glorify mo pa siya. He's like a dirty old man."

Nagkibit-balikat ito. "He's not a dirty old man. He's handsome and rich. Baka naman practical lang siyang tao. Gusto niya ng isang legitimate na anak. May mga ganoon talaga. Nakita niya siguro na

maganda kang lahi kaya naisipan niya ang ganoon."

"I think his reason is beyond that. Sinabi niya na may nag-uugnay sa amin."

Kumunot ang noo nito. "Alin? Ano?"

"Ang *Hacienda Estevez* na siya ngayon ang may-ari. Sinabi niya na kung sakaling papayag ako na pakasalan siya at bigyan siya ng anak ay ang bata ang magmamana ng lahat ng ari-arian niya, pati na ang *Hacienda Estevez*."

"Alam mo, best friend, kung practicality ang paiiralin mo, puwede mong tanggapin ang alok niya, eh. Siguro naman kung magkakagayon, hindi niya aalisin ang karapatan mo bilang ina ng anak niya."

"H-he mentioned about annulment afterwards. Anak lang talaga ang gusto niya."

"Ay, ganoon ba?" Mahihimigan ang disappointment sa boses ng kausap.

"Ang iniisip ko ngayon ay ang malaking problema kong kinakaharap. Cindy, ubos na ang savings namin. Kailangan pa ni Daddy ng mahabang gamutan. Natatakot pa ako sa kalagayan niya. At tagilid na talaga ang lagay ng kompanya sa bangko. I can't afford to lose my business." Muli siyang napahikbi.

“I wish I could help pero alam mo naman na limited din ang resources ko. Mapahiram man kita ng pera, hindi sasapat ’yon,” malungkot na hayag nito.

“Alam ko. Naguguluhan na nga ako, eh.”

“Hayaan mo, may awa ang Diyos.” Pinisil nito ang kamay niya. “Pero talaga bang hindi mo maaaring bigyan ng chance si Gerald Garcia?”

Hinaklit niya ang kamay niyang hawak nito. “Cindy!”

“Ang sa akin lang naman, kaysa kumapit ka sa patalim…”

“Pagkapit na rin sa patalim kung gagawin ko ’yon,” katuwiran ni Aina.

“At least, stainless ’yung patalim na kakapitan mo. Hindi ka matetetano. You know, guwapo, bata, mayaman…”

“Puro ka kalokohan! Don’t even think about it. Hindi ko magagawa ’yon.”

Nagkibit-balikat ang kaibigan. “Okay. Di hindi. Ang mabuti’y mag-isip ka na ngayon ng alternative kung paano mo maisasalba ang business ninyo.”

Tumangu-tango si Aina. Kahit paano ay lumuwag

ang dibdib niya ngayong nasabi na niya kay Cindy ang lahat. Hindi niya maaaring banggitin kay Antoinette, lalo na sa daddy niya ang kanyang problema. Baka lalo pang makasama iyon sa matanda.

Nang naghiwalay sila ni Cindy ay si Atty. Pancho naman ang kinausap niya. Pinuntahan niya ito sa opisina. Hindi niya sinabi rito ang counter-proposal ni Gerald. Sinabi lang niya na hindi sila nagkasundo sa mga terms at conditions.

"Sana ay pumayag ka na kung kaunting diperensya lang ang problema, Aina," sabi ng matandang abogado.

"Ayoko naman hong ilagay sa alanganin ang posisyon ko," aniya. Hindi niya masabi na malaki ang kapalit na hinihingi ng binata. "Mag-isip tayo ng ibang alternatibo, Attorney."

"Maikli na ang ating panahon, Aina. Kung makakapagdesisyon ka na ibenta ang bahay ninyo, that could help. I won't advise you na isanla rin ang titulo niyon sa bangko at bayaran ang interes ng pagkasanla ng lupa at building ninyo. Baka lalo ka lang malubog sa utang. Mas lalong hindi iyon kakayanin ng kita ng business mo kung sakali.

"We barely have two weeks bago dumating ang

notice ng bangko. Maaari nating ma-delay nang kaunti ang pagkailit ng lupa at building kung sakali pero hindi mawawala ang problema. Kapag nag-take over ang bangko, mahirap nang bawiin iyon. We need to find an investor. A big investor na maaaring sumagot sa lahat ng pagkakautang mo sa bangko," mahabang pahayag ng kausap.

"Selling our house is already out of the question, Attorney. Mas masasaktan ang daddy ko kapag nangyari iyon. He had been under so much pressure."

"Sige. Kung may maiisip kang magandang paraan, tawagan mo lang ako," ani Atty. Pancho.

Nagpaalam na siya pagkatapos ng pakikipagpulong dito.

Pakiramdam ni Aina ay mapapatid na ang mga ugat sa kanyang utak sa sobrang pag-iisip. Twenty-four hours. Iyon lang ang panahon na ibinigay ni Gerald sa kanya. Pumikit siya nang mariin. Makakaya kaya niyang sikmurain ang alok nito kapalit ng kaginhawahan ng kanilang buhay? Magagawa ba niyang isakripisyo ang kanyang pansariling kaligayahan?

She was twenty-four. Sa buong buhay niya, wala siyang hinangad kundi ang magkaroon ng

magandang buhay. She dreamt of having a beautiful family someday. Magaganda at malulusog ang kanyang magiging mga anak. Kung magpapakasal siya kay Gerald at bibigyan niya ito ng anak, maaatim ba niyang ipamigay ang bata kung sakali?

Alam niyang hindi. Anak niya iyon. Hindi niya hahayaang mawalay sa kanya ang sarili niyang dugo at laman.

Ang malaking tanong ay ang kasalukuyan. Sina Mariano at Antoinette na lang ang kanyang pamilya ngayon. Kung hindi siya magdedesisyon, saan sila pupulutin? Siya lang ang inaasahan ngayon ng pamilya.

Mariin niyang ipinikit ang kanyang mga mata at hinimas ang sintido niya.

---

Nagkitang muli sa bar sina Gerald at Ron.

“So hindi umubra ang plano mo?” untag ng kaibigan, pagkuwa’y tumawa ito nang malakas. “Hindi umubra ang karisma mo kay Aina Estevez.”

“It’s her loss, not mine,” aniya, sabay tungga sa laman ng basong hawak niya. Nagsalin uli siya ng alak.

"O, eh, bakit parang may angst ang pananalita mo? Porque ikaw ang hinahabol at pinapantasya ng mga babae at tinanggihan ka ng isang damsel in distress ay naiinis ka na?"

Ininom niya ang isinaling alak bago nagsalita, "Hindi. Siguro naiinis lang ako dahil akala ko'y matutuldukan na ang paghihiganti ko sa mga Estevez," tugon niya. "Well… wala na siguro akong magagawa kundi hintayin na mapapunta sa bangko ang kanilang ari-arian pagkatapos ay bibilhin ko iyon."

Tinapik ni Ron ang balikat niya. "Hindi kaya tumibok ang puso mo sa Aina Estevez na iyon at nanghihinayang ka na tinanggihan niya ang offer mo?"

"Of course not! Gaya ng sinabi ko sa iyo, I just thought of having a child. Naisip ko na kung isang Estevez ang magbibigay sa akin ng anak, para ko na ring nagantihan si Gaudencio Estevez sa isang masakit na paraan."

"For God's sake, Gerald. Patay na ang taong sinasabi mo," paalala ng kausap.

"Iyon nga ang masakit sa akin. Hindi ko naipamukha sa taong kinamumuhian ko… sa taong

pumatay sa mga magulang ko ang paghihiganti ko. Kaya gusto kong maramdaman na lang iyon ng mga naiwan niya."

Umiling-iling si Ron. "Hanggang kailan gagawing bato ng nakaraan ang puso mo, pare?"

"Ewan ko, Ron. Hangga't hindi ko siguro nakikita na walang-wala na ang mga Estevez. Dahil isang Estevez ang nagturo sa akin para maging bato ang puso ko."

Nang maghiwalay sila nang gabing iyon at makauwi siya sa kanyang mansion ay hungkag ang pakiramdam ni Gerald. Para siyang isang talunan. Pakiramdam niya ay bale-wala ang lahat ng nagawa niya dahil ang iniisip niyang huling kalasag niya laban sa mga Estevez ay hindi na magagamit.

Sinalubong siya ng mayordoma niyang si Nanay Magda sa main entrance ng malaking bahay. Ito ang dati nang mayordoma ni Don Menandro. Itinuring na rin niyang ina ang matanda mula nang arugain siya ng namayapang don.

"Mukhang pagod na pagod ka," anito. "Hmm… lasing ka ba?"

"Hindi ho, nakainom lang. Nagkita kami ni Ron."

“Kakain ka ba? Ipaghahain kita. Nagpapahinga na ang mga katulong.”

“Hindi na, ’Nay. Gusto ko nang magpahinga.” Humakbang siya patungo sa hagdanan.

“Siyanga pala, Gerald, tumawag si Olga.”

Lumingon siya. “Bakit daw ho?”

“Hindi sinabi. Kino-contact ka raw sa cellphone mo, hindi ka matawagan. Akala nga’y narito ka at itinatago kita. Ang sinabi ko’y bakit naman kita itatago sa kanya,” nakataas ang kilay na sabi ni Nanay Magda. “Kow, Gerald… ayaw kong makialam sa personal mong buhay pero kung maaari sana, eh, huwag mo nang patatawagin dito ang babaeng ’yon. Akala mo’y kung sino kung umasta. Aba’y kung siya ang mapapangasawa mo, siguradong hindi kami magkakasundo.”

Pilit ang ngiti niya. “Huwag ninyong intindihin ’yon, ’Nay,” aniya. “Sige ho, magpapahinga na ako. Kapag tumawag uli, sabihin ninyong nagbakasyon ako sa Lebanon.”

“Ha? Bakit doon pa? Hindi ba may giyera doon?”

“Para hindi siya sumunod,” aniya bago muling tinalikuran ang babae.

Nitong huling mga araw ay nasasakal si Gerald sa sobrang paghahanap ni Olga ng panahon niya. They had been going out for a long time. Pero hindi man lang pumasok sa kanyang isip na ito na ang babaeng pakakasalan niya. Marami itong ugaling hindi niya gusto. She was the possessive type. Wala silang commitment sa isa't isa, pero kung umasta ito ay parang engaged na sila. Ayaw naman niyang saktan ang damdamin nito, pero gusto na niya itong kausapin nang masinsinan. Ayaw niyang paasahin ito na ang kanilang relasyon ay mauuwi sa kasalan.

They had mutual understanding that their relationship was non-committal. Pero napapansin niya na habang tumatagal ay nagiging mapaghanap at possessive si Olga. Baka dumating ang panahon na magkaroon siya ng problema rito. There was even one time when she introduced him to her friends as her fiancé.

Pumasok siya sa kanyang kuwarto at pabagsak na inilapat ang katawan sa kama. Napatitig siya sa kisame. To his surprise, parang nakita niya roon ang napakaamong mukha ni Aina. Nakikini-kinita niya ang malamlam na mga mata nito. Ang pagtulo ng luha nito kanina habang kausap niya ito. Ang galit na nabuo sa mga mata nito.

Napabangon ang binata at napamura sa sarili. “Damn!” Hindi nga kaya nagkamali siya sa kanyang ginawa? Hindi kaya masyado siyang nagpadala sa galit niya kay Don Gaudencio at pati ang walang malay na apo nito ay gusto niyang gamitin sa paghihiganti?

Naisabunot niya ang mga daliri sa buhok. He was really insane for hurting a woman’s feelings.

Nag-isip siyang mabuti. Hindi pa naman huli ang lahat. Maaari siyang umisip ng paraan para mabawi ang kanyang mga sinabi.

He would help Aina. Maaari siyang gumamit ng dummy para tulungan itong maisalba ang kompanya nito. Hindi niya alam kung bakit parang hinaplos ang kanyang puso sa naisip na iyon.

Huminga siya nang malalim. After all, he still held his sanity. He wasn’t really that stone-hearted.